



GABAY SA PAGTATANIM NG ORGANIKONG SIGARILYAS



PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Itanim sa mabuhanging-banlik na lupa na may pH na 4.3-5.5. Nabubuhay din ang ito sa lupang maluwad at may mababang organikong bagay. Ang temperaturang 18-32°C ay mainam para sa halaman. Angkop ito sa mga lugar na mainit na may pag-ulan na 2,500 mm o higit pa kada taon.

PAGPILI NG BINHI

Pumili ng ng binhing angkop sa kondisyon ng lugar, may mataas na pangangailangan sa pamilihan at ay panlaban sa mga sakit at peste.



PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin ang taniman sa lalim na 30-40 cm at suyurin hanggang sa maging buhaghag ang lupa. Gumawa ng mga tudling na may pagitan na 0.5-0.7 m .



PAGTATANIM

Matigas ang balat ng buto ng sigarilyas kaya kailangan muna itong ibabad sa tubig ng 1-2 araw bago itanim. Maaari ring kuskusin ng papel de liha o sugatan ang balat ng buto sa kabila ng mata nito. Itanim sa mga ginawang mga tudling sa lalim na 2-3 cm.



Ang sigarilyas (*Psophocarpus tetragonolobus*) ay kapamilya ng mga mabubutong gulay at ang mga murang bunga rin nito ang madalas na kinakain. Sa ibang bansa, kinakain din ang mga dahon bilang dahong-gulay pati ang mga malalamang ugat at matatandang buto. Mayaman ang bunga at ugat nito sa protina. Sagana din ito sa calcium na nakakatulong sa pagpapatibay ng mga buto. Ito ay kadalasang tinatanim sa bakuran para sa sariling pagkonsumo o sa malawakan upang pagkakitaan.

Itanim ang sigarilyas sa mga buwang maikli ang araw kaysa gabi. Maglagay ng mga balag upang magsilbing suporta sa halaman at magiging bunga.



Pagbababad ng mga buto bago itanim



PANGANGALAGA

Mag-aplay ng 3-5 tonelada kada ektarya na binulok na dumi ng hayop o vermicompost. Maaaring dagdagan ito ng organikong pataba, manure tea, fermented plant juice (FPJ), fermented fruit juice (FFJ), at calcium phosphate.

Diligan ang mga batang halaman araw-araw o kung kinakailangan. Nakakatagal ito sa tuyong kondisyon ngunit tiyaking may sapat na patubig sa buong panahon ng taniman para sa mataas na ani.

Damuhan ang palibot ng halaman at buong taniman subalit magtira ng ilang damo sa pagitan ng mga tudling.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bisitahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank www.pinoyrice.com

rice_matters (twitter) | rice.matters (facebook)





PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Ang mga peste ng sigarilyas ay dapulak at mambubutas ng bunga. Karaniwang sakit naman nito ang virus at batik-batik sa dahon sanhi ng *fungus*. Seryosong sakit din ng sigarilyas ang root knot nematode. Mag-spray ng katas ng sili (100 g ng dinurog na sili sa 16 L ng tubig) para sa dapulak. Para sa mambubutas, magkalat ng earwigs at maaaring mag-spray ng nabibiling *Bacillus thuringiensis*. Upang maiwasan ang mga sakit, magtanim ng ibang uri ng gulay maliban sa sitaw sa susunod na panahon ng taniman. Tanggalin ang buong halaman kasama ang ugat pagkatapos mag-ani upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Araruhin ng 2-3 beses ang lupa sa susunod na taniman. Ang paglalagay ng organikong pataba ay nakakatulong din upang maiwasan ang pagdami ng mga nematode.



Dapulak o Aphids



Mambubutas ng bunga o spotted pod borer



Batik-batik sa dahon na sanhi ng fungus



Root knot nematode



PAG-AANI

Nagsisimulang mamunga ang sigarilyas 2 na buwan pagkatanim. Anihin ang mga murang bunga habang malutong pa ang mga ito depende sa gustong laki at haba.

MGA PINAGHALAWAN

Asian Vegetable Seeds – Evergreen Seeds. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.evergreenseeds.com.

[DOASL] Department of Agriculture Sri Lanka. 2006. Winged bean. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.agridept.gov.lk.

DUNCAN H, AVERRE C, BARKER K. 1989. Control of Root-Knot Nematodes AG-420. NC Cooperative Extension Resources, NC State University. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa content.ces.ncsu.edu.

[NRC] National Research Council. 1981. The winged bean: A high-protein crop for the tropics, 2nd Edition. National Academy Press, Washington D. C., USA. 46 p.

GEORGE RAT. 2011. Tropical Vegetable Production. CAB International, UK. 225 p.

STEPHENS JM. Winged Bean. College of Tropical Agriculture and Human Resources, University of Hawaii at Manoa. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.ctahr.hawaii.edu.

2010. Winged Bean or Sigarilyas Production. Pinoy Entrepreneur. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.pinoy-entrepreneur.com.

2012. Psophocarpus tetragonolobus – (L.) DC. Plants For A Future. Petsa ng pagdownload: Setyembre 12, 2015 mula sa www.pfaf.org.

MGA LARAWAN

www.aliexpress.com

www.imgbuddy.com

<http://www.flickrriver.com>

<https://www.inaturalist.org>

<http://www.nabg-nbail.res.in>

<http://ecoport.org>

<http://cdn.extension.udel.edu>